**Artikulo 2:** How consumer spending helps the economy (http://www.philretailers.com/index.php?option=com_content&view=article&id=33%3Ahow-consumer-spending-helps-the-economy&Itemid=19)

| Tanong: | Kasagutan |
|---|---|
| Paano nakakatulong ang *pag-iipon* sa pambansang ekonomiya? | |
| Paano nakakatulong ang *pagkokonsumo* sapambansang ekonomiya? | |
| Ano ang ugnayan ng pag-iipon at pagkokonsumo? | |

Pamprosesong Tanong:
1. Anu-ano ang dahilan kung bakit nahihirapan ang karamihan mag-ipon ng pera?
2. Bakit mahalaga ang pagtatabi ng bahagi ng kita upang iimpok?
3. Bakit nakakabuti sa ekonomiya ang pag gasta ng kita?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Napag alaman mo mula sa mga artikulong nabasa ang kahalaghan ng ipon at pagkonsumo. Alamin sa susunod na gawain ang pormula ng saving at consumption function, at ang implikasyon nito.

## GAWAIN 4. Pagsusuri ng Video

http://www.youtube.com/watch?v=OlH-0EZeFEI
Propensities to Consume and Save

Panuto: Panoorin ang video patungkol sa Saving Function at Consumption Function. Habang pinapanood mo ito, gamitin ang Evernote upang itala ang mga mahahalagang konsepto mula sa iyong pinapanood. Matapos mong mapanood ng video punan ng impormasyon ang Data Retrieval Chart.

| | Deskripsyon | Pormula | Implikasyon |
|---|---|---|---|
| Average Propensity to Save | | | |
| Marginal Propensity to Save | | | |
| Average Propensity to Consume | | | |
| Marginal Propensity to Consume | | | |
| Ano ang ugnayan ng kita, ipon at konsumo? | | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang kaibahan ng APC sa MPC? Ano ang kaibahan ng APS sa MPC?
2. Ano ang kahalagahan ng konsepto ng savings function at consumption function?
3. Bakit mahalaga ang mahusay na pangangasiwa ng kita o pera?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Nalaman mo na ang implikasyon ng saving function at consumption function. Ngayon ay susubukan natin mag kompyut gamit ang mga

## GAWAIN 5. Komputasyon

Panuto: Pag-aralan ang consumption at saving table ng tatlong magkakaibigan. Bigyan pansin ang ugnayan ng kanilang kita, konsumo at ipon. Kompyutin ang kanilang savings, average propensity to save at average propensity to consume.

| | Marie | Kyla | Tina |
|---|---|---|---|
| Kita | 30,000 | 15,000 | 25,000 |
| Konsumo | 28,000 | 20,000 | 15,000 |
| Ipon | | | |
| APS | | | |
| APC | | | |

PamprosesongTanong:

1. Sino sa tatlong magkakaibigan ang may malaking ipon? Sino na man sa kanila ang walang ipon?
2. Ano ang ibig sabihin ng negative saving?
3. Sino sa tatlong magkakaibigan ang dapat payohan tungkol sa tamang pag gamit ng kita? Bakit?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Nasubukan mong sukatin ang saving function at consumption function gamit ang mga sitwasyon sa naunang gawain. Napag alaman mo rin na ang kahalagahan ng ugnayan ng kita, ipon at konsumo. Upang maitaya ang iyong naunawaan sa aralin, gawin mo ang susnod na aktibity.

## GAWAIN 6. Present.me

Panuto: Gamit ang Present.me, gumawa ka ng video kung saan maipapakita mo ang mga paraan kung paano mapapangasiwaan ng maayos ang iyong pera.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-anu ang mga paraan na iyong naipakita sa iyong video?
2. Alin sa mga ito ang pinakamabisang paraan sa maayos na pangangasiwa ng pera?
3. Bakit mahalaga ang pag iipon at pag gasta sa isang ekonomiya?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Ngayon, alam mo na ang ugnayan at kahalagahan ng kita, ipon at konsumo sa pagkamit at pagpanatili ng matatag at malagong pambansang ekonomiya. Ang halaga ng salapi ay tatalakayin natin sa susunod na bahagi ng modyul.

Marahil naitanong mo sa iyong sarili kung bakit kakaunti na lamang ang produkto o serbisyo na iyong nakikinabangan sa iyong 100 pesos ngayon kumpara noong nasa grade school ka pa. Aalamin natin ang mga sanhi nito sa susunod na aralin.

## Aralin 2.2: Implasyon

### GAWAIN 7. Presyo Noon at Ngayon

Panuto: Tanungin sina lolo at lola, at nanay at tatay tungkol sa mga presyo ng mga sumusunod na produkto:

| Produkto | Presyo ng Produkto/Serbisyo | | |
|---|---|---|---|
| | Panahon nina Lolo at Lola | Panahon nina Tatay at Nanay | Kasalukuyang Panahon |
| Pamasahe | | | |
| 1 kl bigas | | | |
| 1 kl galunggong | | | |
| 1 kl manok | | | |
| 1 kl asukal | | | |

Pamprosesong Tanong:


1. Ano ang iyong napansin sa mga presyo ng produkto/serbisyo ayon sa mga panahong ibinigay?
2. Ano ang nangyari sa kakayahan ng pera na bumili ng produkto/serbisyo?
3. Paano ka naapektuhan sa pagbabago ng presyo ng mga bilihin?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Ang pagbabago ng presyo ay isa sa mga isyu na hinaharap ng isang ekonomiya. Nanarapat na ito ay bigyan ng sapat na tugon upang hindi ito lumala at magdulot ng matinding problema sa pambansang ekonomiya. Ikaw ay may mahalagang papel na gagampanan upang maiwasan ang ganitong problema. Umpisahan mo ito sa pamamagitan ng pag unawa ng mga dahilan ng pagbabago ng presyo. Basahin ang tekto sa susunod na gawain upang maintindihan moa ng dahilan ng pagtaas ng presyo.

De
un

## GAWAIN 8. Pagbabasa ng Teksto

Panuto: I- click ang URL
http://www.bles.dole.gov.ph/PUBLICATIONS/EasyStat/2_CPI.pdf
Mula sa binasang teksto, gumawa ng buod gamit ang concept definition map.





Pamprosesong Tanong:

1. Kailan natin masasabi na mayroon nang implasyon?
2. Anu-ano ang mga produkto ang sinasali sa consumer basket?
3. Bakit pinipili ang mga produkto na isasali sa pag sukat ng CPI?
4. Sa panahon ng implasyon, paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Naging malinaw na sa iyo ang dahilan ng pagbabago ng presyo, lalo na ang pagtaas nito. Napag alaman mo rin ang mga palatandaan at uri ng implasyon. Sa susunod na aktibity, ibubuod mo ang sanhi at dulot ng implasyon.

## GAWAIN 9. Causes and Effects Matrix

Panuto: I click ang URL http://www.mysmp.com/bonds/inflation.html. Basahin ang artikulo tungkol sa dahilan at epekto ng implasyon. Bumuo ng buod gamit ang causes and effects matrix.



Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga sanhi ng implasyon?
2. Bakit ito nagdudulot ng pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin?
3. Paano nakakaapekto ang implasyon sa iba't-ibang sektor ng ekonomiya?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Upang masukat natin ang inflation rate, balikan ang http://www.bles.dole.gov.ph/PUBLICATIONS/EasyStat/2_CPI.pdf at pag-aralan ang pormula ng CPI at inflation rate.

Ang iyong nabasang teksto ay nagbibigay sa iyo ng kaalaman tungkol sa pagsukat ng antas ng implasyon. Gamitin ang pormula sa susunod na aktibity.

## GAWAIN 10. Kompyutasyon

Panuto: Alamin ang Consumer Price Index at antas ng implasyon sa pagitan ng mga taong 2008 hanggang 2012. Gamitin ang taong 2008 bilang batayang taon.

| Taon | Total Weighted Price | Consumer Price Index | Antas ng Implasyon |
|---|---|---|---|
| 2008 | 1500 | | |
| 2009 | 1600 | | |
| 2010 | 1750 | | |
| 2011 | 1865 | | |
| 2012 | 1890 | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ibig sabihin ng antas ng implasyon?
2. Bakit kailangang sukatin ang antas ng implasyon sa isang bansa?
3. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Mula sa naunang gawain, nalaman mo kung paano sukatin ang antas ng implasyon at kung ano ang implikasyon nito. Suriin natin ang antas ng implasyon sa Pilipinas gamit ang susunod na gawain.

## GAWAIN 11. Pagsusuri ng News Article

Panuto: I click ang URL http://www.philstar.com/business/2014/01/07/1276348/phl-inflation-dec.-hits-2-year-high upang mabasa ang news artikulo na pinamagatang, "Phl inflation in Dec. hits 2-year high". Sumulat ng Reaction Paper pagkatapos basahin ang balita.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang antas ng implasyon sa Pilipinas?
2. Bakit nagkakaroon ng implasyon ang ating bansa?
3. Paano maiiwasan ang pagtaas ng antas ng implasyon?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Natutunan mo mula sa naunang gawain ang kasalukuyang antas ng implasyon ng ating bansa. Sa kabuhuan, ang pagtaas ng implasyon ay hindi nakakabuti sa isang bansa at nararapat lang na ito ay labanan. Marahil maimumugkahi mo na dagdagan ang perang iiprinta ng pamahalaan upang malabanan ang problema ng ekonomiya gaya ng implasyon. Gawin ang susunod na aktibity upang malaman kung ito ay isang mabisang paraan.

## GAWAIN 12. Implasyon at Suplay ng Pera

Suriin ang sumusunod na photo essay, artikulo at video. Alamin ang dahilan ng pag kontrol ng daloy ng pera sa ekonomiya. I-click ang mga URL upang malaman ang mga ito.

| The Dangers of Printing Money (Photo Essay) | Why Not Just Print More Money? (Article) | Money Supply and Inflation<br><br>(Video) |
|---|---|---|
| http://content.time.com/time/photogallery/0,29307,1879735_1846043,00.html | http://economics.about.com/cs/money/a/print_money_2.htm | http://www.youtube.com/watch?v=mgS4jkrfQtE |
| Matapos mong suriin ang photo essay, artikulo at video, punan mo ng angkop na salita ang mga sanaysay sa ibaba:<br>Napagtanto ko<br>______________________________<br>______________________________ | | |

| Nabago ang aking pananaw<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
|---|

Pamprosesong tanong:

1. Ano ang ibig ipahiwatig ng photo essay, artikulo na iyong binasa at ng video na iyong pinanood?
2. Bakit hindi maaring mag imprinta ng maraming pera ang pamahalaan?
3. Paano ka makakatulong sa pag iwas ng pagkakaroon o paglala ng implasyon?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

| Marahil nabago ang iyong misconception patungkol sa pag iimprinta ng maraming pera upang malutas ang mga sularaning pang ekonomiya gaya ng implasyon. Naunawaan mo na hindi ito ang mabisang paraan. Tuklasin mo sa susunod na aktibity kung paano malalabanan ang implasyon. |
|---|

## GAWAIN 13. **Labanan ang Implasyon!**

Panuto: I click ang URL http://www.franciscocolayco.com/?p=333, at basahin ang artikulo, "Masaganang Buhay sa Kabila ng Pagtaas ng Presyo"
Sagutan ang Problem-Solution Chart.

| **Problem:** | **Implasyon** |
|---|---|
| **Solution:** | |

Pamprosesong Tanong:
1. Ayon sa artikulo, paano malalabanan ang implasyon?
2. Sa iyong palagay, ano ang mabisang paraan para maiwasan ang epekto ng implasyon?
3. Kung mayroon kang ipon sa ngayon, ano ang iyong gagawin para hindi lumala ang implasyon? Bakit?
4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

## GAWAIN 14. Mga Nabuong Kaalaman



Isulat mo ngayon sa REVISED na kolum ang nabuong mong paglalahat mula sa mga gawain.

| | |
|---|---|
| ***Initial*** | |
| **Revised** | |
| **Final** | |

Mga Pamprosesong Tanong:
1. May nabago sa iyong kasagutan kumpara sa una mong ibinigay? Ipaliwanag.
2. Ano ang nagpabago o nagpanatili ng iyong kasagutan?
3. Paano nakatulong ang mga nakalipas na gawain sa pagsagot mo sa tanong?
4. Paano makakamit at mapapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

**GAWAIN 15.** **Hand Signals**

PANUTO: Bago ka magpatuloy sa mga susunod na gawain, alamin muna natin kung gaano na kalawak ang iyong nalalaman sa pamamagitan ng Hand Signal Check. I check ang imahe na naglalarawan sa lawak na iyong natutunan mula sa mga aralin:

| | | |
|---|---|---|
|  |  |  |
| Naunawaan ko ang mga tinalakay na aralin. | Hindi ko masyadong naunawaan ang aralin. | Naunawaan ko ang aralin ngunit mayroon akong mga katanungan. |

Kung mga katanungan,ipaalam ang guro patungkol sa mga konseptong hindi pa lubos naunawaan sa pamamagitan ng pagpadala ng email.

**Katapusan ng Paglinang**

Sa bahaging ito ay nalaman mo na ang kahalagahan ng maayos na pag gamit ng salapi tungo sa isang malago at maunlad na pamumuhay at ekonomiya.

Nabalikan mo na ang unang bahagi ng modyul na ito at napaghambing ang iyon inisyal na kaisipan sa pamamagitan ng ibat-ibang gawain. Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Anu-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais mong makamit.

Ngayon ay alam mo na ang mahahalagang kaisipan at ideya ukol sa paksang ito. Kung gayon ay palalimin na natin ang mga kaalamang ito sa pamamagitan na susunod na bahagi ng modyul na ito.

## PAGPAPALALIM

Ang iyong layunin para sa bahaging ito ng ating aralin ay higit na makita at maunawaan ang iba pang aspeto ng aralin ukol sa paksa kung paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya. Ang mga susunod na gawain ay makakatulong sa iyo upang masuri at mapagyaman ang iyong mga nalaman mula sa naunang mga aralin at gawain.

### GAWAIN 16. Interview

Panuto: Magsagawa ng isang interbyu batay sa mga epekto ng implasyon.
Alamin sa mga sumusunod ang tunay na epekto sa kanila ng implasyon.
Magsagawa ng Interbyu sa mga sumusunod:
1. Isang Mangangalakal sa inyong lugar
2. Isang Nagpapautang
3. Isang Magsasaka/Mangingisda
4. Isang Depositor sa bangko
5. Isang Retiradong Manggagawa

Mula sa interview, alamin kung sino sa kanila ang nakikinabang at nalulugi sa panahon ng implasyon. Isulat sa loob ng kahon ang iyong paliwanag.

| Taong Nakikinabang Kapag May Implasyon | Taong Nalulugi Kapag May Implasyon |
|---|---|
| | |
| Konklusyon: | |

Pamprosesong Tanong:
1. Sinu-sino ang apektado sa panahon ng implasyon?
2. Bakit may mga nakikinabang kapag mayroong implasyon?

3. Sa iyong palagay, paano natin maiiwasan ang masamang epekto ng implasyon?



4. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

**Pagbasa 1**

> Natanto mo na ang epekto ng implasyon sa iba't-ibang sektor ng ekonomiya. Mainam lamang na ito ay tugunan ng maayos sa ating pang araw araw na desisyon at gawain. Sagutin ang susunod na aktibity upang higit na maintindihan ang paksa.

## GAWAIN 17. Salik ng Implasyon

Panuto: Suriin ang mga artikulo sa ibaba at sagutin ang mga katanungan. Isulat ang iyong kasagutan sa loob ng kahon.

| Artikulo 1 | Artikulo 2 | Artikulo 3 |
|---|---|---|
| "P-Noy kinalampag sa kartel ng bawang at sibuyas"<br>Ni Danilo Garcia (Pilipino Star Ngayon) \| Updated July 9, 2013 - 12:00am<br><br>http://www.philstar.com/bansa/2013/07/09/963212/p-noy-kinalampag-sa-kartel-ng-bawang-sibuyas<br><br>MANILA, Philippines - Kinalampag ng pinagsanib na puwersa ng Kilusan ng Pilipinong Mamimili Laban sa Kahirapan (Kampilan) at Volunteers Against Crime and Corruption (VACC) si Pangulong Benigno Aquino III na umaksyon na laban sa lumalalang problema sa kartel sa importasyon ng bawang at sibuyas na nagreresulta sa pagtaas ng presyo sa merkado.<br><br>Sa pulong-balitaan kahapon sa Pasay City, sinabi ng Kampilan na naghain na sila ng kasong paglabag sa RA | "Legislative wage hike muling iginiit"<br>by Ernie Reyes Apr 19, 2012 2:58pm HKT<br><br>http://www.remate.ph/2012/04/legislative-wage-hike-muling-iginiit/<br><br>MULING iginiit ni Sen. Francis "Chiz" Escudero ang legislative wage hike sa lahat ng manggagawa upang maibsan ang bigat na dinaranas sa patuloy at sunod-sunod na pagtataas ng presyo ng pangunahing bilihin dulot ng paglobo ng presyo ng produktong petrolyo. Ngunit, sinabi ni Escudero na dapat base ang pagtaas ng sahod ng manggagawa sa tunay na pangyayari alinsunod sa implasyon, kapasidad at kakayahan ng mga pribadong kompanya na magbigay ng umento.<br>"I favor legislative wage hike based on real terms such as | "Ang Krisis sa Bigas – 'Mababang Suplay, Mataas na Presyo"<br><br>http://kpd-cebu.blogspot.com/2008/04/ang-krisis-sa-bigas-mababang-suplay.html<br><br>Sinabi na natin noon pa – mula nang simulan ang importasyon ng ating mga pangunahing produktong agrikultural gaya ng bigas, mais, atbp at mula nang ipatupad ang mga programa't patakaran sa agrikultura alinsunod sa dikta ng WTO, na magdudulot ito ng lalong kawalan ng kakayahan ng lokal na agrikultura na umagapay sa pangangailangan ng bansa, laluna sa usapin ng pagkain.<br><br>Pandaigdigan ang saklaw ng krisis sa |

| | | |
|---|---|---|
| 3019 o Anti-Graft and Corrupt Practices Act sa Office of the Ombudsman laban kina Bureau of Plant and Industry (BPI) Director Clarito Barron at Agriculture Secretary Proceso Alcala dahil sa pagpabor umano sa iisang importer para mabigyan ng "importation permit" ng bawang at sibuyas.<br><br>Sa reklamo ng Kampilan, patuloy ang pagtaas sa presyo ng bawang at sibuyas na nasa higit P100 na ang kada kilo dahil sa iisang importer na itinago sa pangalang "Lea Cruz" lamang ang binigyan ng permit nina Barron at Alcala. Dahil dito, nagkakaroon na ng monopolya at kontrolado ng iisang tao ang presyo ng bawang at sibuyas. | inflation, the affordability and capacity of the private sector to absorb such increase and the number of wage earners and on the present cost of living in a particular area," ayon kay Escudero sa ginanap na Kapihan sa Senado.<br>"Across the board, at dapat pag-aralan ng Kongreso ang makatarungan sahod na dapat ibigay sa manggagawa," dagdag pa niya.<br>Kahit inamin ni Escudero na may epekto sa implasyon sa ekonomiya ang pagtataas ng sahod kaya't hinikayat niya ang Kongreso na masusing pag-aralan at ikonsidera ang lahat ng factor upang maiwasan ang panibagong sakit ng ulo ng ating ekonomiya.<br>"Pero, palagi nang sinasabi ng wage board na magkakaroon ng inflationary effect ang pagtaas ng sahod, pero hindi naman. Marami din nagsasabi na may magsasarang kompanya kapag itinaas ang sahod, pero hindi naman napatunayan," paliwanag niya.<br>Kasabay nito, matinding kinastigo ni Escudero ang pagiging inutil ng National Wage Board sa patuloy na kawalan ng solusyon kahilingan ng manggagawa na siyang tungkulin na iniatang ng Kongreso sa naturang lupon.<br>"Kung kinakailangan na manghimasok ang Kongreso kapag hindi nagagawa ng wage boards ang kanilang tungkulin kasi tila sa Mars nakatira ang mga miyembro | bigas/pagkain. Biglang sumirit ang presyo ng bigas sa pandaigdigang palengke – mula $430/ton sa pagtatapos ng 2007 tungong $747/ton (73% na pagtaas). Shortage sa supply ang sinasabing pangunahing dahilan.<br><br>Tinatayang nasa pinakamababa sa nakaraang tatlumpu't dalawang taon (32 years) ang global stockpile ng bigas. May shortage sa supply ng bigas sa mga bansang pangunahing eksporter nito tulad ng Vietnam, Thailand, Indonesia at Cambodia.<br>Mababawasan ang kakayahan ng Vietnam na magsuplay ng bigas sa pandaigdigang palengke gayong isa ito sa pinakamalaking eksporter ng bigas sa kasalukuyan at kung saan nagmumula ang 85% ng kabuuang importasyon ng Pilipinas sa bigas. Tinatayang 1 milyon metriko tonelada (MT) kada taon ang mababawas sa sinusuplay nito sa pandaigdigang palengke. Ang Thailand, Indonesia at Cambodia ay nagkokonsidera nang huminto na muna sa pag-eeksport upang protektahan ang pansariling seguridad sa pagkain.<br><br>Samantala, ang iba pang mga bansang |

| | | |
|---|---|---|
| | nito at hindi nalalaman ang reyalidad na kung magkano ang dapat ibigay sa dagdag sahod sa ating manggagawa," ani Escudero. Nanawagan din si Escudero sa pribadong sector na kung may kapasidad at kapabilidad sila, magboluntaryo nang magbigay ng dagdag-pasahod sa kanilang manggagwa at huwag nang hintayin ang desisyon mula sa National Wage Board. "I also asked private employer to open their minds to give what is due to their workers because kasama naman sila sa pag-angat ng kompanya kung aangat ang kapasidad ng manggagawa ng magtrabaho. Magkusa na lamang sila at huwag nnag umasa sa wage board na tila hindi nalalaman ang tunay na kalagayan ng ating manggagawa," giit pa ni Escudero. | dating eksporter tulad ng India at Bangladesh ay nagsabi na di na muna mag-eeksport.<br><br>Ang Pilipinas, na dating pangunahing eksporter noong 1980's ngunit ngayon ay siya nang pinakamalaking importer ng bigas (12% ng bigas na nasa pandaigdigang palengke), ang isa sa matinding tinamaan sa nagaganap na krisis sa bigas.<br><br>Ang ganitong kondisyon ay pumatong pa sa kalagayan ng lokal na agrikultura na matagal nang naghihingalo at nasa krisis. Kaya doble ang tama sa atin ng krisis -- habang ang usapin sa produksyon ng pagkain ay nakakabit sa kabuuang pandaigdigang paghupa sa produksyong agrikultural, ang ugat pa rin ng lokal na krisis ay panloob at kung gayon ay mas panloob ang kalutasan. |

| |
|---|
| Sa ibat ibang artikulo, ano ang masasabi natin tungkol sa pagtaas ng implasyon sa bansa? Ito ba ay nakasalalay lamang sa isang salik? Ipaliwanag at patunayan gamit ang mga detalyo sa mga artikulo. |
| Paano makakamit ang matatag at malagong pambansang ekonomiya sa gitna ng implasyon? |

Makibahagi sa Discussion Forum para malaman kung ano ang naging sagot ng iba pang mga mag-aaral. Makatutulong din ito upang mas maging malinaw pa ang iyong pagkakaunawa sa paksa.

## GAWAIN 18. 3-2-1

Panuto: Ngayong natapos na ang mga talakayan at gawain sa bahaging ito. Punan mo ng mga impormasyon ang kasunod na tsart na magbubuod ng iyong mga natutuhan at naunawaan sa aralin.

| | |
|---|---|
| **3** mahalagang natutunan ko sa paksa | 1.<br>2.<br>3. |
| **2** nabago sa aking mga dating pag-unawa tungkol sa paksa ay….. | 1.<br>2. |
| **1** maibabahagi ko tungkol sa natutunan ko sa paksang ito | 1. |

Sa bahaging ito, balikan natin ang IRF Chart para sagutan ang bahaging "F" o Final.

| | |
|---|---|
| ***Initial*** | |
| **Revised** | |
| **Final** | |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Ngayon na mas marami at mas malalim na ang iyong pagkakaunawa sa paksang ito, ikaw ay handa para magpatuloy sa mga susunod na mga bahagi.

## PAGLILIPAT

Ang iyong layunin para sa bahaging ito ay magamit ang mga kaalamang natutunan mo sa totoong karanasan sa buhay. Isang gawain na magpapakita ng iyong pagkakaunawa sa kabuang ideya o konseptong tinalakay natin sa modyul na ito.

Sa naunang modyul, gumawa ka ng pagsusuri patungkol sa mga polisiyang pang ekonomiya. Marahil nakita mo ang kahalagahan nito sa pagkakaroon ng balanse at ugnayan ng mga sektor ng ekonomiya. Sa modyul na ito, napag alaman at naunawaan mo ang galaw ng pera mula sa pag iipon at pagkonsumo ng mga mamimili. Napagtanto mo rin na ang kakayahan ng peso na makabili ng produkto at serbisyo ay bumababa dahil sa implasyon. Sa susunod na gawain, aalamin natin ang mga pamaraan ng pag gawa ng polisiyang pang ekonomika na nakakaapekto sa galaw at halaga ng pera.

### GAWAIN 19. Pamamaraan ng Pagbuo ng Polisiya

Mula sa mga nakaraang gawain, nalaman mo ang iyong dapat gawin sa panahon ng implasyon. Mahalaga ang bahagi na iyong ginagampanan sa pagkakaroon ng isang matatag at malagong pambansang ekonomiya. Tingnan natin sa susunod na gawain ang papel ng pamahalaan sa pagkamit at pagpanatili ng isang matatag at malagong ekonomiya sa pamamagitan ng pagbuo ng mga polisiyang pang ekonomiya.

***Scaffold 2*: Pagpapanayam**

1. Kapanayamin ng estudyante ang opisyal ng kanilang lugar tungkol sa mga isyung pang ekonomiya na nakakapekto sa komunidad, magtatanong ang mag-aaral kung paano gumagawa ng mga polisiya na tutugon sa mga nasabing problema at ang mga salik na isasaalang-alang upang makagawa ng epektibong polisiya. Tuklasin kung paano nakakaimpluwensya ang ugnayan at balanse ng mga sector ng ekonomiya sa pagkamit at pagtatag ng matatag at malagong ekonomiya.

2. Itala ang mga impormasyong nalikom gamit ang Interview Graphic Organizer (http://teacherexpress.scholastic.com/interviewing-guide-interviewing-graphic-organizer-for-the-interactive-).

3. Ipakita ang iyong panayam gamit ang Presentme.



Gabay na Tanong:

1. Anu-ano ang mga isyung pang ekonomiya na kinakaharap ng inyong komunidad base sa panayam na iyong ginawa?
2. Paano tinutugunan ng iyong komunidad ang mga isyung ito?
3. Paano gumagawa ng polisiyang pang ekonomika ang mga lider ng komunidad?
4. Paano nakakatulong ang mga polisiya sa pagkakaroon ng balanse at ugnayan ng mga sector ng ekonomiya?
5. Paano makakamit at mapanatili ang matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Ngayon ay ipakita mo sa isang konkretong pamamaraan ang mga natutunan mo sa araling ito.

## GAWAIN 20. Performance Task: Paggawa ng Polisiyang Pang-ekonomiya

PANUTO: Basahing mabuti ang sitwasyon sa ibaba. Layunin nitong makatulong para sa matatag at malagong ekonomiya ng Pilipinas. Pagkatapos magawa ang gawain ay sagutan ang Reflective Journal.



Magkakaroon ng buwanang pagpupulong ang mga miyembro ng gabinete ng Pangulo upang pag-usapan ang Quarterly Economic Status Report tungkol sa estado ng ekonomiya ng bansa at napag-alamang ang bansa ay mahaharap sa krisis pang-ekonomiya kung patuloy ang ganitong kalakaran. Bilang miyembro ng Economic Adviser ng Pangulo, ikaw ay naatasan na gumawa ng isang komprehensibong Polisiyang pang-ekonomiya na magtataguyod ng matatag na presyo, nakapagbibigay ng trabaho at pag-unlad ng ekonomiya sa kasalukuyan. Ang polisiyang ito ay iyong ilalahad sa Pangulo at sa mga miyembro ng Gabinete upang solusyunan ang krisis pang-ekonomiya. Ito ay tatayain ayon sa:

- Nilalaman ng Polisiya
- Presentasyon
- Kaangkupang ng Polisiya
- Paggamit ng datos

**PERFORMANCE TASK RUBRIC**
**Mga Pamantayan sa Paggawa ng Polisiyang Pang-ekonomiya**

| KATEGORYA | Katangi-tangi (4 pts.) | Mahusay (3 pts.) | Nalilinang (2 pts.) | Nagsisimula (1 pt.) | Rating |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman ng Polisiya** | Nagtataglay ng komprehensibong impormasyon ukol sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa na naglalahad ng mga problema, krisis pang-ekonomiya at mga posibleng solusyon. | Nagtataglay ng sapat na impormasyon ukol sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa na naglalahad ng mga problema, krisis pang-ekonomiya at mga posibleng solusyon. | Nagtataglay ng mga pagkukulang ng impormasyon ukol sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa na naglalahad ng mga problema, krisis pang-ekonomiya at mga posibleng solusyon. | Nagtataglay ng maling impormasyon ukol sa kalagayang pang-ekonomiya ng bansa na naglalahad ng mga problema, krisis pang-ekonomiya at mga posibleng solusyon. | |
| **Presentasyon** | May lohikal at detalyadong organisasyon, at madaling maunawaan ang daloy ng mga kaisipan at impormasyong inilahad upang suportahan ang polisiya. | May lohikal na organisasyon at madaling maunawaan ang impormasyong inilahad upang suportahan ang polisiya. | May lohikal na organisasyon ngunit hindi sapat upang suportahan ang polisiya. | Hindi maayos ang organisasyon at hindi maunawaan ang mga impormasyong inilahad at maraming tumutol. | |
| **Kaangkupan ng Polisiya** | Kapakipakinabang at naaangkop ang mga hakbang at solusyon ayon sa krisis pang-ekonomiya. | Naangkop ang mga hakbang at solusyon ayon sa krisis pang-ekonomiya. | May mga hakbang na hindi naayon sa krisis pang-ekonomiya (hindi gaanong naipaliwanag mula sa hakbang at solusyong inilahad.) | Maraming pakukulang sa planong hakbang at solusyon na binanggit upang tugunan ang krisis pang-ekonomiya. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Paggamit ng datos at estadistika** | Gumamit ng koprehensibong datos at estadistika ng bahagdan sa GNP, Inflation, GDP at Unemployment upang ipaliwanag ang kasalukuyang kondisyon ng ekonomiya. | Gumamit ng sapat datos at estadistika ng bahagdan sa GNP, Inflation, GDP at Unemployment upang ipaliwanag ang kasalukuyang kondisyon ng ekonomiya. | Gumamit ng mga kulang na datos at estadistika ng bahagdan sa GNP, Inflation, at GDP upang ipaliwanag ang kasalukuyang kondisyon ng ekonomiya. | Gumamit ng maling datos at estadistika sa ng bahagdan sa GNP, Inflation, GDP at Unemployment upang ipaliwanag ang kasalukuyang kondisyon ng ekonomiya. | |

Pagkatapos ng modyul na ito, paano mo nakikita ang iyong sarili? Ipaliwanag.

Mamumuhunan

Depositor

Economic Consultant

**PALIWANAG:**

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**REFLECTIVE JOURNAL**

| Ang aking mga unang ideya tungkol sa aralin | Ang mga bagong ideya na natutunan ko mula sa aralin |
|---|---|
| | |
| Ang mga ideya na may pagkakatulad mula sa aking nalalaman at mga bagong nalaman mula sa aralin | |
| Ang pinakamahalagang bagay na natutunan ko at handa kong ibahagi sa iba ay: | |
| | |

**KATAPUSAN NG PAGLILIPAT**

Paano makakatulong ang polisiyang pang ekonomiya sa pagkamit at pagpanatili ng matatag at malagong pambansang ekonomiya?

Sa bahaging ito ng modyul ay nakagawa ka ng panayam tungkol sa mga paraan paano makagawa ng polisiyang pang ekonomika.
Paano mo ilalarawan ang pangwakas na gawain?
Paano nakatulong ang paggawa ng mga polisiya sa kasalukuyang panahon?
Kung may katanungan at paglilinaw sa paksang ito gamitin ang discussion forum ng modyul.
Binabati kita dahil natapos mo na ang araling ito.
Bago ka magpatuloy sa susunod na aralin kailangan mong sagutan ang Post-Test.

**PANGHULING PAGTATAYA**

Binabati kita! Narating mo na ang bahagi ng modyul na tatayain ang iyong nalalaman sa araling ito. I-klik ang titik ng iyong napiling sagot. Makikita mo lamang ang kabuuan ng iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong makukuhang iskor at makakapasa ka, magpapatuloy ka sa susunod na modyul. Subalit kung ang iyong nakuhang iskor ay mababa sa hinahangad na lebel, ikaw ay kinakailangang bumalik at kunin ulit ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

(A) 1. Ilang bahagi ng mga deposito ang dapat ipautang ng bangko alinsunod sa patakaran ng Bangko Sentral ng Pilipinas?
a. Kalahati
b. Isang kapat
c. Tatlong kapat
d. Buo


(A) 2. Ito ang kabuuang produkto at serbisyo na naiprodyus sa bansa ng Pilipinas
a. GNP
b. GDP
c. GNP Per Capita
d. Nominal GNP

(A) 3. Dito ay mapapabilang ang gastusin sa mga sa mga gawain ng pamahalaan tulad ng pagpapatakbo ng local na pamahalaan

a. Debt
b. Economic Services
c. Social Services
d. General Public Services


(A) 4. Alin sa mga sumusunod ang dahilan ng pagkakaroon ng implasyon?
a. Pagtaas ng interest rate sa mga deposito
b. Pagpapatupad ng tight money policy
c. Pagdami ng pera sa sirkulasyon
d. Pagtaas ng rediscounting rate

(A)5. Suriin ang flow chart sa ibaba:





Ano ang nais nitong ipakahulugan
e. May iba't ibang uri ng bangko ng pagtitipid na may natatanging katangian.
f. Ang mga uri ng bangko ng pagtitipid ay malayang gumawa ng sariling patakarang pananalapi.
g. Ang mga uri ng bangko ng pagtitipid ay may pare-parehong katangian.
h. Ang mga uri ng bangko ay hindi sumusunod sa patakaran ng Bangko Sentral ng Pilipinas

(A) 6. Suriing mabuti ang diagram sa ibaba.
http://i1.ytimg.com/vi/zXSr4pqvIn8/hqdefault.jpg



Batay sa diagram, ano ang posibleng resulta ng maramihang importasyon sa ekonomiya?
a. Pagtaas ng halaga ng bilihin.
b. Tataas ang babayarang buwis at magigipit ang tao
c. Tatamlay ang bentahan ng mga kalakal ng mga lokal na prodyuser
d. Maraming mabibiling bagong gadgets.

(A) 7. Suriing mabuti ang diagram.




Batay sa diagram, ano ang ipinapakita sa daloy # 3?

a. Pagproseso ng bahay –kalakal ng produkto.
b. Pagbayad ng bahay kalakal ng kita sa sambahayan.
c. Pagbenta ng sambahayan ng produkto sa bahay-kalakal
d. Pagbigay ng samabahayan ng lakas paggawa sa bahay-kalakal

(A) 8. Panoorin ang video na pinamagatang, "The Truth about Savings and Consumption"(http://www.youtube.com/watch?v=vj7XExwChwI#t=65). Base sa video na pinanood, alin ang nakakatulong sa pagkamit ng matatag na ekonomiya?
a. Pag-iimpok gamit ang piggy bank
b. Pagkokonsumo
c. Koordinasyon ng pag-iimpok og pagkonsumo
d. Pangungutang

(M) 9. Paano nagiging epektibo ang mga institusyong pananalapi sa paglikom sa ekonomiya ng bansa?
a. Nagkakaroon ng disekilibriyo sa kakulangan ng naimpok.
b. Nawawalan ng trabaho ang iba't ibang sangkap ng produksiyon.
c. Nagkakaroon ng implasyon.
d. Nagagamit sa pangangapital ang perang naimpok.

(M) 10. Suriin ang datos na pinapakita sa talahanayan.

| **INDUSTRY/INDUSTRY GROUP** | | **Q2 2010** | | **Q2 2011** | | **Pagtaas (%)** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| a. Agrikultura | a. | 245,273 | a. | 288,874 | a. | 17.8 |
| b. Industriya | b. | 741,617 | b. | 765,217 | b. | 3.2 |
| c. Serbisyo o Paglilingkod | c. | 1,258,907 | c. | 1,377,527 | c. | 9.4 |
| **GROSS DOMESTIC PRODUCT** | d. | 2,245,797 | d | 2,431,618 | d. | 8.3 |

Alin sa mga sumusunod ang tama batay sa datos?
a. Pinakamataas ang kita ng agrikultura kumpara sa iba pang sector ng taong 2010.
b. Pangalawa ang industriya sa mga sector na may pina-kamababang kita noong 2011.
c. Pinaka-mababa ang kita ng sector ng serbisyo o paglilingkod.
d. Lahat ay mali.

(M) 11. Paano nakapagdudulot ng implasyon ang pagtaas ng sahod ng mga manggawa?
a. nagdudulot ito ng pagtaas ng pambansang kita
b. dumadami ang namumuhunan
c. nalulugi ang mga negosyante
d. tumataas ang kakayahan ng mga manggawa na bumili ng mga produkto*

(M) 12. Basahin at unawain ang artikulo na pinamagatang Saving up for the Future (http://research.bworldonline.com/popular-economics/story.php?id=52&title=Saving-up-for-the-future)

Ayon sa artikulo, paano nakakatulong ang ipon ng mga sambahayan sa paglago ng pambansang ekonomiya?
a. Ang ipon ng sambahayan ay magagamit bilang pambayad utang ng bansa
b. Ang ipon mula sa sambahayan ay magagamit bilang capital sa pagtayo at pag asenso ng mga negosyo
c. Ang ipon ng sambahayan ay magdudulot ng karagdagang buwis
d. Ang perang naipon ay hindi gagamitin sa pagkokonsumo

(M) 13. Suriing mabuti ang impormasyon sa ibaba.

**External debt:** $74.87 billion (31 December 2012 est.)
$76.04 billion (31 December 2011 est.)
**Definition:** This entry gives the total public and private debt owed to nonresidents repayable in foreign currency, goods, or services. These figures are calculated on an exchange rate basis, i.e., not in purchasing power parity (PPP) terms.
http://www.indexmundi.com/philippines/debt_external.html utang Panlabas ng Pilipinas

Bilang mamamayan, ano ang nais iparating ng datos ng utang ng Pilipinas?
a. Ito ang dahilan kung bakit ang Pilipinas ay mayamng bansa.
b. Ito ang dahilan kung bakit ang Pilipinas ay mahirap na bansa.
c. Ito ang dahilan ng pagiging sikat ng Pilipinas.
d. Ito ang dahilan kung bakit nagingibang bansa ang mga Pilipino.

(M) 14. Ang pag-iimpok at pamumuhunan ba ay isang sakripisyong pinansiyal?
a. Oo, dahil nagtitipid para makapag-impok.
b. Oo, dahil hindi nabibili ang mga luho.
c. Hindi, dahil ang totoong sakripisyo ay ang pagkakaraoon ng utang at wala man lang naimpok.
d. Hindi, dahil ang pag-iimpok at pamumuhunan ay pansamantala lamang.

(T)15. Basahing mabuti ang blog sa ibaba

Malaking babala sa sambayanang Pilipino ang pagtaas ng presyo ng langis, lalo na't kasunod kasunod nito ay ang babala rin ng paglobo ng presyo ng mga bilihin at pagtaas ng singil ng pasahe. ngunit ano nga ba ang pangunahing sanhi sa nasabing suliranin nakinakaharap ngayon ng bawat Pilipino sa ating bansa?

Ayon sa isang gabay na pagtalakay na inilabas ng Anakbayan, Nobyembre 2007 na ang sanhi ng pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan ay "dahil sa patuloy ang ispekulasyon o pagmanipula ng presyo, kaya tumataas ang presyo ng langis sa buong mundo. at ang sinasabing dahilan ng mga Oil Companies sa pagtaas ng presyo ay dahil sa sobrang kapos ang produksyon sa mundo kaya tumataas ang presyo nito. Pero ang nagsusuplay ng pinakamalaking langis(55%) sa mundo- ang OPEC ( Organization of Petroleum Exporting Countries) ay nagsasabing hindi totoo sapagkat may sapat na produksyon at suplay kaya hindi maaring magkulang ang langis".


Maaring malaking dagok na naman ang ekonomikong suliranin na ito sa ating bansa.

By: Leziel G. Jardio

http://kapit-ossalife.blogspot.com/

Bilang isang jeepeney operator, paano mo tutugunan ang pagtaas ng presyo ng langis?
a. Bumili ng mas maraming dyip na pampasada upang makatipid.
b. Magwelga araw-araw sa kalye upang tumutol sa pagtaas ng langis.
c. Humingi ng dayalogo sa kinauukulan upang pag-usapan ang isyu.
d. Itigil ang pamamasada ng mga dyip na pagmamay-ari.

(T) 16. Suriin ang diagram sa ibaba.




Bilang DepEd ng Special Projects Coordinator, ikaw ay naatasang makipag-ugnayan sa TESDA, CHED at DOLE upang magsagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapagaan ng magiging epekto ng sitwasyong inilalarawan sa grap. Alin sa mga ito ang programang imumungkahi mo sa mga ahensya?
a. Bantay Trabahong Sigurado
b. Iskolar-Trabaho Diretso Program
c. Negosyo One-step Process
d. Operation Price Watch

(T) 17. Nanalo ang iyong kaibigan ng isang milyon mula sa isang talent show na sinalihan nito. Humihingi siya ng payo kung papaano niya mapalago ang pera, ano ang iyong maimumungkahi?
a. Ideposito ang pera sa isang savings account
b. Magtayo ng sari-sari store
c. Ilagay ang pera sa kaban at itago ito sa isang ligtas na lugar
d. Mamuhunan sa stock market, mutual funds at life insurance

(T) 18. Napag-alaman mo na ang inflation rate ay tataas ng 10%, bilang board member ng Bangko Sentral ng Pilipinas, ano ang iyong maipapayo?
a. Dagdagan ang pera sa sirkulasyon

b. Babaan ang interest rate sa mga deposito
c. Taasan ang interest rate ng mga treasury bonds, bills at notes
d. Taasan ang interest rate sa mga loans

(T) 19. Basahing mabuti ang sitwasyon sa ibaba:

> The recent credit crunch in China is due to PBOC’s (People's Bank of China) or China's Central Bank refusal to act as the lender of last resort so as to help banks to get out from their financial mess. It also demonstrates that Central bank is willing to allow market forces to play a bigger role in the daily operations of the banks. This also means that banks will have to be on their own since PBOC has indicated that it will not be bailing them out anytime soon. As a result banks will have no choice but to be more conservative in their lending policies
> http://www.marketoracle.co.uk/Article43892.html

Kung ikaw ang manager ng bangko sa China, ano ang gagawain mong kalutasan sa problema:
a. Hahayaang mabankrupt ang bangko.
b. Ipatalastas ang problema ng bangko sa pahayagan.
c. Singilin ang mga taong may utang sa bangko at bigyan ng ultimatum.
d. Magresign sa pwesto upang maiwasan ang problema.

(T) 20. Sa panahon ng mga kalamidad gaya ng bagyo at lindol, inaasahan na tataas ang presyo ng mga bilihin. Kung ikaw ang economic adviser ng mayor ng nasalantang lugar, anong hakbang ang iyong maimumungkahi upang maiwasan ang matinding epekto ng implasyon?
a. magkakaroon ng price monitoring ang DTI at magbigay ng karampatang parusa sa mga lalabag
b. pagbawalan ang mga negosyante na magbenta ng mga produkto at serbisyo
c. mangasiwaan ng mabuti ang distribusyon ng mga relief goods
d. pautangin ang mga biktima ng kalamidad

## GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

**Average Propensity to Consume.** Ito ay tumatalakay sa relasyon ng pagkonsumo ng tao sa bawat porsyento ng kabuuang kita. C/Y ay magiging daan upang malaman ang gagastusin ng sambahayan sa pagkonsumo.

**Average Propensity to Save.** Ito ay nagpapaliwanag ukol sa relasyon ng pag-iimpok sa porsyento ng kita

**Consumer Price Index**. Tanda ng pagbabago ng kabuuang presyo ng isang basket ng mga produkto at serbisyo na karaniwang binibili ng isang sambahayan (household) sa isang taon kumpara sa presyo nito sa itinakdang taon (base year)

**Implasyon.** Tumutukoy sa pagtaas ng pangkalahatang presyo sa pagdaan ng panahon

**Marginal Propensity to Consume.** Ito ay bahagi ng karagdagang kita na ginagamit sa pagkonsumo kaysa iniinmpok

**Marginal Propensity to Save.** Ito ay bahagi ng karagdagang kita na ginagamit sa pag iimpok kaysa kinokonsumo

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL


"The Truth about Savings and Consumption"
http://www.youtube.com/watch?v=vj7XExwChwI#t=65

Money Personalities:
http://www.youtube.com/watch?v=0kkszpQtQqQ
Saving up for the future (http://research.bworldonline.com/popular-economics/story.php?id=52&title=Saving-up-for-the-future)

How consumer spending helps the economy (http://www.philretailers.com/index.php?option=com_content&view=article&id=33%3Ahow-consumer-spending-helps-the-economy&Itemid=19)

Propensities to Consume and Save
http://www.youtube.com/watch?v=OIH-0EZeFEI

Consumer Price Index
http://www.bles.dole.gov.ph/PUBLICATIONS/EasyStat/2_CPI.pdf

Causes and Effects of Inflation
http://www.mysmp.com/bonds/inflation.html

"Phl inflation in Dec. hits 2-year high"
http://www.philstar.com/business/2014/01/07/1276348/phl-inflation-dec

## Aralin 3: Patakarang Piskal

### ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Paano kaya kung ikaw ay naging ekonomista, magagawa mo kayang paunlarin ang pamumuhay ng iyong kapwa at ng ating bansa? Ang usapin tungkol sa paglago ng ekonomiya ay hindi lang para sa mga ekonomista at negosyante. Ikaw bilang mag-aaral ay maari ring makatulong.

Sa modyul na ito, inaasahang naipamamalas mo ang pag-unawa sa mga pangunahing kaalaman tungkol sa pambansang ekonomiya bilang kabahagi sa pagpapabuti ng pamumuhay ng kapwa mamamayan tungo sa pambansang kaunlaran.Sasagutin mo rin ang katanungang ito: ***Paano makakamit ang isang matatag na ekonomiya?***


### ☑ SAKLAW NG MODYUL

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Masusuri mo ang mga katanungang ito sa pagkuha sa sumusunod na aralin : |
|---|---|---|
| 3 | Patakarang Piskal | • Naipapaliwanag ang layunin ng patakarang piskal<br>• Napapahalagahan ang papel na ginagampanan ng pamahalaan kaugnay ng mga patakarang piskal na ipinapatupad nito<br>• Nasusuri ang badyet at ang kalakaran ng paggasta ng pamahalaan. (K)<br>• Nakababalikat ng pananagutan bilang mamamayan sa wastong pagbabayad ng buwis. (P/SK)<br>• Nauugnay ang mga epekto ng patakarang piskal sa katatagan ng pambansang ekonomiya. (P/SK) |

## ☑ CONCEPT MAP NG MODYUL

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.




**<u>Inaasahang mga Kasanayan</u>**

Upang mahusay na masagutan ang modyul at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

11. Nakapagsasaliksik ng mga datos.
12. Napapahalagahan ang bahaging ginampanan ng mga sector sa ekonomiya.
13. Nakagagawa ng mga grapikong pantulong sa pag-unawa
14. Nakapagpapaliwanag ng mga datos
15. Nakagagawa ng paglalarawan ng ekonomiya.
16. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
17. Nakapagsusuri ng mga dokumento.
18. Nakabubuo ng konseptong mapa.
19. Nakikilahok sa pangkatang talakayan.
20. Nakalilikha ng mga alternatibong sitwasyon.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong, I-klik ang titik ng wastong sagot.

A

1. Ito ang anumang bagay na ginagamit at tinatanggap bilang pamagitan sa mga transaksiyong pangkabuhayan sa isang ekonomiya.
   a. Inflation
   b. Salapi
   c. Barter system
   d. bonds

2. Ang pagsukat ng GNP sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga gastusin ng bawat sektor.
   a. industrial origin — c. income approach
   b. expenditure approach — d. nominal GNP

3. Ang paikot na daloy ng produkto at serbisyo ay ginagamit upang maipakita ang
   a. salaping tinatanggap ng pamahalaan
   b. palitan ng produkto sa payak na paraan
   c. ugnayan ng sambahayan at bahay-kalakal
   d. ugnayan ng konsyumer at supplier

4. Ang pamahalaan ay nangungulekta ng buwis upang may panggastos sa mga proyekto at programa. Maibibigay lamang ito kung naaprubahan ng presidente at ito'y tatawaging..
   a. Budget
   b. Blue print
   c. Budget for fiscal Year
   d. General Appropriations Act

5. Kung ang disposable income ng pamilya ay tumaas mula 40,000 pesos hanggang 42,000 pesos kada buwan pesos, at ang kanilng konsumo ay


tumaas mula 38,000 pesos hanggang 39,600 pesos buwan, ano ang ibig sabihin nito?

a. average propensity to consume ay 0.8.
b. average propensity to save ay 0.8.
c. marginal propensity to consume ay 0.8.
d. marginal propensity to save ay 0.8.

A 6. Paano pinapanatili ng Bangko Sentral ang halaga ng piso sa pandaigdigang kalakalan?

a. Kapag mataas ang demand, ang BSP ay patataasin ang palitan ng dayuhang salapi kumpara sa piso.
b. Kapag mataas ang demand, ang BSP ay pababain ang palitan ng dayuhang salapi kumpara sa piso.
c. Kapag mataas ang suplay, ang BSP ay patataasin ang palitan ng dayuhang salapi kumpara sa piso.
d. Kapag mataas ang suplay, ang BSP ay walang gagawing hakbang sa palitan ng dayuhang salapi kumpara sa piso.

7. Suriing Mabuti and diagram




Batay sa diagram 1, ano ang ipinapakita sa daloy # 3?

a. Pagproseso ng bahay –kalakal ng produkto.
b. Pagbayad ng bahay kalakal ng kita sa sambahayan.
c. Pagbenta ng sambahayan ng produkto sa bahay-kalakal
d. Pagbigay ng samabahayan ng lakas paggawa sa bahay-kalakal

8. Panoorin ang video na pinamagatang, "The Truth about Savings and Consumption"(http://www.youtube.com/watch?v=vj7XExwChwI#t=65). Base sa video na pinanood, alin ang nakakatulong sa pagkamit ng matatag na ekonomiya?
   a. Pag-iimpok gamit ang piggy bank
   b. Pagkokonsumo
   c. Koordinasyon ng pag-iimpok og pagkonsumo
   d. Pangungutang

9. Bilang mamimili, ano ang maaring mong gawin upang maiwasahan ang paglala ng implasyon?
   a. Humingi ng dagdag na allowance mula sa iyong mga magulang
   b. Gastahin ang naipong pera
   c. Ilagay ang naipong pera sa banko
   d. Bumili ng maraming product

M 10. Paano nakatutulong sa pambansang kaunlaran ang mga sektor ng ekonomiya?
   a. Ang maayos na ugnayan ng mga sektor ng ekonomiya ay nagreresulta sa maunlad na pamumuhay ng mamamayan tungo sa pambansang kaunlaran.
   b. Ang sigalot ng sektor ng agrikultura at industriya ay nagdudulot ng problemang pananalapi.
   c. Ang pandaigdigang kalakalan ay walang naitutulong sap ag-unald ng ekonomiya ng isang bansa.
   d. Walang papel na ginagampanan ang gobyerno sa pagkamit ng pambansang kaunlaran.

11. Suriing mabuti ang mga diagram sa ibaba.

Diagram 2: GROSS NATIONAL INCOME AND GROSS DOMESTIC PRODUCT BY INDUSTRY:

| INDUSTRY/INDUSTRY GROUP | 2003 |
|---|---|
| a. Agrikultura | 245,273 |
| b. Industriya | 741,617 |
| c. Serbisyo o Paglilingkod | 1,258,907 |
| GROSS DOMESTIC PRODUCT | 2,245,797 |

Diagram 3: Loans Granted by Commercial Banks According to Economic Activities

| 69. Economic Activity | 70. 2003 |
|---|---|
| . Agrikultura, Fisheries, Forestry | 72. 5.3 |
| . Mining, quarrying | 74. 0.9 |
| . Manufacturing | 76. 24.7 |
| . Electricity,Gas and Water | 78. 4.3 |
| . Construction | 80. 2.4 |
| . Wholesale & Retail Trade,Transportation | 82. 14.2 |
| . Communication & Storage | 84. 5.2 |
| . Finance,Real Estate & Business Services | 86. 26.7 |
| . Community,Social,Personal Services | 88. 16.2 |

Sa diyagram 2 ay ipinapakita ang GDP sa taong sa 2003 gamit ang pamamarang industriyal. . Alin sa mga sumusunod ang tama batay sa datos?

a. Pinakamataas ang kita ng agrikultura kumpara sa iba pang sector.
b. Pangalawa ang industriya sa mga sector na may pina-kamababang kita
c. Mababa ang kita ng sector ng serbisyo o paglilingkod.
d. Mas mataas ang kontribuyon ng industriya kumpara sa serbisyo

12. Suriin ang diyagram 2 at 3. Alin sa mga sumusunod ang dahilan sa pangyayaring naipakita sa datos sa diagram 2?
    a. Mababa ang kontribusyon ng sektor ng agrikultura dahil sa kakulangan sa capital.
    b. Mataas ang kontribusyon ng sector ng industriya dahil sa matataas na sahod ng manggagawa.
    c. Mababa ang kontribusyon ng sector ng sebisyo dahil nakatuon sa pagnenegosyo ang pautang ng bangko.
    d. Mas mataas ang kita ng agrikultura kumpara sa industriya dahil kakaunti lamang ang lupang sakahan.

13. Basahin ang mga artikulo at sagutin ang tanong sa ibaba
    **Article 1:** Household Saving Rates
    http://www.gfmag.com/tools/global-database/economic-data/12065-household-saving-rates.html#axzz2pPUTUN00

**Article 2:** International Saving Rates
http://www.economicshelp.org/blog/3132/economics/international-saving-rates/
**Article 3:** 10 Countries Where Consumer Spending Could Explode
http://www.businessinsider.com/10-countries-ranked-by-savings-rate-2011-06#

13. Ayon sa mga artikulo, paano makakamit at mapanatili ang isang matatag at malagong pambansang ekonomiya?
    a. Malaking bahagi ng kita ay gagamitin sa pagkokonsumo upang sumigla ang ekonomiya
    b. Malaking bahagi ng kita ay gagamitn sa pag iipon sa bangko upang ito ay magamit ng mga negosyante sa paglago ng mga negosyo
    c. Ubusin ang kita sa pagkokonsumo, walang ipon
    d. Uutang sa mga lending companies para matugunan ang mga pangunahing pangangailangn

14. Ang pamumuhunan ba ay gaya ng pagsusugal na laging talo?
    a. Oo, dahil nakataya ang pera ng isang tao.
    b. Oo, dahil ang namumuhunan tulad sa isang sugal ay pakikipagsapalaran.
    c. Hindi, dahil sa likod ng panganib sa bandang huli ay pabor ito sa namumuhunan.
    d. Hindi, dahil walang koneksiyon ang sugal sa pamumuhunan.

T 15. Basahing mabuti ang artikulo sa ibaba:

*Noong ika-20 ng buwang ito, nadagdagan nang 600 Chinese yuan o RMB bawat tonelada o 44 cents kada litro ang presyo ng diesel at gasoline ng Tsina. Ito ang ikalawang beses na nagtaas ang presyo ng petrolyo sa taong 2012. Noong ika-8 ng nagdaang Pebrero, tumaas na nang 300 RMB bawat tonelada ang presyo ng petrolyo sa Tsina.*

*Kaugnay ng pagtaas ng presyo ng petrolyo, ipinahayag ng Pambansang Komisyon ng Pag-unlad at Reporma ng Tsina na ang kapasiyahang ito ay dulot ng mabilis na paglaki ng presyo ng mga petrolyo sa pamilihang pandaigdig. Dahil sapul nang unang beses na pataasin ang presyo ng mga petrolyo sa Tsina, hanggang sa kasalukuyan, ang bahagdan ng paglaki ng presyo nito ay lumampas sa 10%.*

